

Tulong sa: [Chinese](#) | [Spanish](#) | [Vietnamese](#) | [Tagalog](#)



**BAY AREA AIR QUALITY  
MANAGEMENT DISTRICT**

## **Virtual na Workshop Tungkol sa CEMEX, Hanson Aggregates, at iba pang Pasilidad sa Bayview Hunters Point**

**Halina't alamin kung paano pinapangasiwaan ng Air District ang mga pasilidad na ito,  
at magbigay ng pampublikong komento**

### **Minamahal na Komunidad ng Bay Area,**

Magsasagawa ang Air District ng virtual na pampublikong workshop para magawang magpresenta, tumalakay, at tumanggap ng mga komento tungkol sa Cemex Construction Materials Pacific, LLC, Hanson Aggregates Mid-Pacific, Inc, at iba pang pasilidad sa Bayview Hunters Point na nasa kahabaan ng Amador Street sa Eastern San Francisco. Sa workshop, magbibigay ang staff ng Air District ng mga presentation tungkol sa mga epekto ng mga pasilidad sa kalidad ng hangin, at sasagutin nila ang mga tanong tungkol sa mga nauugnay na draft na permit at alalahanin ng komunidad.

#### **Kailan:**

Gagawin ang workshop sa pamamagitan ng Zoom sa **Huwebes, Hunyo 3, 2021, mula 6:00 PM hanggang 8:00 PM.**

**Ibibigay ang impormasyon sa pag-log in sa susunod na abiso.**

**Bakit:**

Pinapangasiwaan ng Air District ang mga emisyon mula sa mga pasilidad ng mga nakapirring pinagmumulan sa buong Bay Area. Sa komunidad ng Bayview ng San Francisco sa kahabaan ng Amador St., may ilang tumatakbong nakapirring pinagmumulan na napapailalim sa mga regulasyon at panuntunan sa kalidad ng hangin na naglalayong bawasan ang polusyon sa hangin at protektahan ang pampublikong kalusugan. Kasama sa mga pasilidad na ito ang CEMEX, Hanson Aggregates, Central Concrete, Recology, at Darling Ingredients.

Sa kasalukuyan, ang CEMEX at Hanson Aggregates ay may mga aktibong aplikasyon para sa mga permit sa kalidad ng hangin mula sa Air District. Ang mga aplikasyon ay:

- Aplikasyon #28001, Planta #17111 CEMEX Construction Materials
- Aplikasyon #28839, Planta #13407 Hanson Aggregates
- Aplikasyon #27982, Planta #23564 Hanson Aggregates

Sinusuri ng mga aplikasyong ito ang mga emisyon ng mga criteria pollutant at nakakalasang contaminant sa hangin, at tinutukoy ng mga ito kung nasusunod ang mga regulasyon ng Air District.

Iniiimbikahan ka namin sa isang workshop sa komunidad para talakayin ang mga pasilidad, magtanong, at makakuha ng impormasyon mula sa pamunuan at staff ng Air District tungkol sa mga kinakailangan sa permit, pagmomodelo ng mga emisyon, at pagpapatupad ng mga regulasyon at panuntunan sa kalidad ng hangin.

Puwede kang tumingin ng pagsusuri sa permit at puwede mong tingnan ang pagtatasa ng panganib sa kalusugan para sa tatlong pasilidad na nabanggit sa itaas sa [webpage ng Mga Workshop at Event](#) ng Air District. Bukas hanggang Hunyo 17, 2021 ang panahon ng pagkokomento para sa mga draft na permit na ito.

Gustong tiyakin ng mga tauhan ng Air District na magiging patas at pantay-pantay ang karanasan sa virtual na workshop, kaya magbibigay sila sa lahat ng interesadong panig ng mga pagkakataon para magtanong at magkomento. Puwedeng isumite ang mga komento sa mga draft na permit sa pamamagitan ng email sa [PermitOmbudsman@baaqmd.gov](mailto:PermitOmbudsman@baaqmd.gov) o koreo sa:

Permit Ombudsman, Air District  
375 Beale Street, Suite 600  
San Francisco, CA 94105

Isasaalang-alang ng Air District ang lahat ng komento bago isapinal ang mga permit.

Puwedeng magbigay ng kasabay na pagsasalin ng wika kapag hiniling hindi bababa sa 72 oras bago ang event. Makipag-ugnayan kay Aneesh Rana sa [arana@baaqmd.gov](mailto:arana@baaqmd.gov) o sa 415-749-4914 para humiling ng pagsasalin.

Magiging available ang isang Spanish na bersyon ng abisong ito at ang mga dokumento para sa workshop

na ito sa Bayview Hunters Point sa [webpage ng Mga Workshop at Event](#) sa lalong madaling panahon. Para información en español, llame al 415-749-4609.

Magiging available ang isang Chinese na bersyon ng abisong ito at ang mga dokumento para sa workshop na ito sa Bayview Hunters Point sa [webpage ng Mga Workshop at Event](#) sa lalong madaling panahon. 中文聯絡電話 415-749-4609.

Magiging available ang isang Vietnamese na bersyon ng abisong ito at ang mga dokumento para sa workshop na ito sa Bayview Hunters Point sa [webpage ng Mga Workshop at Event](#) sa lalong madaling panahon. Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609.

Magiging available ang isang Tagalog na bersyon ng abisong ito at ang mga dokumento para sa workshop na ito sa Bayview Hunters Point sa [webpage ng Mga Workshop at Event](#) sa lalong madaling panahon.

*Nagsisikap para protektahan ang pampublikong kalusugan, kalidad ng hangin, at pandaigdigang klima,*  
**Ang iyong Air District**

**Bay Area Air Quality Management District**

375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
(415) 749-5000 | 1-800-HELP-AIR | Email: [feedback@baaqmd.gov](mailto:feedback@baaqmd.gov)



Iginagalang namin ang iyong karapatan sa privacy. Pakibasa ang aming [Patakaran sa Privacy](#).

[Mag-subscribe](#) sa Email Newsletter na ito. [Tumingin ng higit pang Email Newsletter ng Bay Area Air Quality Management District \(Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area, BAAQMD\)](#).

[Makipag-ugnayan sa Amin](#) | [Mga Tuntunin ng Paggamit](#)